# Mga Bakuna

## Para sa mga Taong May Huminang Sistema ng Imyunidad

Kung nakompromiso ang iyong imyunidad, maaaring mas mahirapan kang protektahan ang iyong sarili laban sa mga sakit na napipigilan. Ang ilang mga sakit na napipigilan ng bakuna ay maaaring maglagay sa iyo sa mas mataas na panganib para sa malubhang impeksyon sa baga na maaaring mangailangan ng pagkakahospital o maaaring maging sanhi ng pagkamatay.



Ang mga bakuna ay isang ligtas, mabisa at madaling paraan upang protektahan ang iyong sarili laban sa mga sakit na napipigilan. Lalo silang mahalaga para sa mga taong may mahinang sistema ng imyunidad dahil mas nahihirapan kang gumaling sa mga impeksyon o sakit. Gayunpaman, depende sa kung gaano naapektuhan ang iyong sistema ng imyunidad, maaaring kailanganin mong iwasan ang ilang mga bakuna o maghintay hanggang sa mas malakas na ang iyong sistema ng imyunidad.

Tanunging mo ang iyong tagapangalaga sa kalusugan kung aling mga bakuna ang inirerekomenda para sa iyo.

### Aling mga Bakuna ang Aking Kailangan?

- **Bakuna sa COVID-19:** Ang bakunang ito ay binabago paminsan-minsan upang magprotekta laban sa pinakabagong mga uri ng virus. Inererekomenda sa lahat ng 6 na buwan pataas na magpabakuna ng hindi bababa sa 1 dosis ng binagong bakuna sa COVID-19 kahit na kailangan pa man ikaw nagpabakuna. Ang mga taong may huminang sistema ng imyunidad ay maaaring kumuha ng karagdagang dosis ng 2023-2024 na bakuna ng COVID-19.

  Ang mga tao na hindi dating nabakunahan ay dapat makatanggap ng 3 dosis ng binagong bakuna na mRNA (Pfizer BioNTech o Moderna) o 2 dosis ng binagong bakuna sa COVID-19 na Novavax.

  Ang mga taong dating nakatanggap ng orihinal na bakuna ng Novavax, monovalent o bivalent na mRNA ay kailangan ng 1 o 2 dosis ng binagong bakuna sa COVID-19 depende sa dami ng dating mga dosis.

- **Bakuna sa Trangkaso:** Dapat mong kuhanin ito taun-taon, lalo na sa taglagas, upang mabawasan ang panganib ng pagkakaroon ng trangkaso. Kung ikaw ay 65 pataas, tanungin ang iyong tagapangalaga (provider) tungkol sa mas mataas na dosis na bakuna sa trangkaso.

# Mga Bakuna

## Para sa mga Taong May Huminang Sistema ng Imyunidad

- **RSV:** Para sa mga taong may edad na 60 pataas, ang isang dosis ng bakuna sa RSV ay nagpoprotekta laban sa respiratory syncytial virus (RSV), na maaaring magsanhi ng impeksyon sa baga sa mga indibidwal na nakompromiso ang imyunidad. Ang mga sanggol na wala pang 8 buwan ay dapat makatanggap ng isahang dosis ng nirsevimab (Beyfortus) bago o habang nasa panahon ng RSV (Oktubre hanggang Marso) para sila ay maprotektahan mula sa impeksyon sa baga. Ang mga sanggol at mga bata na nasa edad na 8 hanggang 19 na buwan na nasa mataas na panganib para sa malubhang sakit na RSV at pumapasok na sa kanilang pangalawang panahon ng RSV ay dapat ring makatanggap ng isahang dosis ng nirsevimab.

- **Bakuna sa Pulmonya:** Nagpoprotekta laban sa ilang uri ng pneumococcal na bakterya na maaaring maging sanhi ng malubhang impeksiyon sa mga bata at matatanda. Ang 4 na dosis na serye na gamit pangbata ay inirerekomenda bago ang edad na 5. Ang mga rekomendasyon para sa mga mas nakakatandang mga bata at matatanda, ay maaaring ma-akses dito.

### Paano Ako Magpapabakuna?



- Bisitahin ang iyong tagapangalaga ng kalusugan (health care provider) o parmasya.
- Itanong sa iyong tagapangalaga ng kalusugan (health care provider) kung inirerekomenda ang karagdagang dosis para sa iyo.
- Kung wala kang tagapangalaga (provider), pumunta sa http://publichealth.lacounty.gov/vaccines para sa listahan ng mga libre at murang mga klinika para sa pagpapabakuna at mas marami pang impormasyon tungkol sa mga bakuna.
- Ang pinakamabuting bahagi ay ang maaari kang makukuha ng karamihan ng mga bakuna sa parehong pagbisita!

**Para sa listahan ng mga inirerekomendang mga bakuna,**
**Bisitahin ang: www.cdc.gov/vaccines**



**Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Call Center)**

Para sa mas marami pang impormasyon, ang Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan ay bukas 8 ng umaga hanggang 8 ng gabi pitong araw sa isang linggo sa **1-833-540-0473**.

**Los Angeles County Department of Public Health**
ph.lacounty.gov/vaccines
Vaccines For Weakened Immune Systems 10/20/23 (Tagalog)